

FILE 30

Republika ng Pilipinas
Lalawigan ng Silangang Mindoro
BAYAN NG ROXAS

TANGGAPAN NG SANGGUNIANG BAYAN

STINTI SA KATITIKAN NG REGULAR NA SESYON NG SANGGUNIANG BAYAN NG ROXAS, SILANGANG MINDORO NA DINAMAP NOONG MAYO 22, 1995, 9:35 NG UMAGA SA BULWAGANG PULUNGAN NG SANGGUNIANG BAYAN.

Mga Dumalo:

Vice Mayor Jesus M. Dimapilis	- Tagapangulo
Kagawad Cesar T. Baticos	
Kagawad Crisencio S. Calma	
Kagawad Ferdinand V. Talana	
Kagawad Bernabe S. Martol	
Kagawad Ramulfo G. Bernal	
Kagawad Eduardo G. Villamin	- AEC President
Kagawad Lorna F. Dimapilis	- SK Chairman

Hindi Nakadalo:

Kagawad Honesto O. Taytay
Kagawad Juanito A. Bacay, Jr.
Kagawad Cosme T. Mores, Jr.


KAPASYAHAN DLG. 25
Taong 1995

KAPASYAHANG MAPITAGANG HUMIHILING SA OIC PROVINCIAL DIRECTOR, POLICE SUPERINTENDENT EDUARDO P. SEBASTIAN, SILANGANG MINDORO NA MULING IBALIK SA I CHIEF INSPECTOR MARCELINO ROMERO BILANG HEPE NG PULISYA NG ROXAS, SILANGANG MINDORO.

SAPAGKA'T, sa kasalukuyan ang 271st MOBILE FORCE Company at Roxas PNP Station ay pinamumunuan ng iisang opisyal lamang, ni Major Francisco G. De Mesa, kung kaya't sa mga oras na siya ay wala at kinakailangan ang kanyang nasalang desisyon, ang pagbibigay-kalutasan sa mga usaping may kinalaman sa isyung pangkatahimikan at katiwasayan ng bayang ito ay nababala at hindi agad naisasagawa;

SAPAGKA'T, upang higit na maging epektibo ang pagpapatupad ng mga batas at ang pananatili ng katiwasayan at katahimikan sa buong pamayanan ng Roxas, kinakailangang mayroong sariling Hepe ng Pulisya ang Roxas PNP Station;

SAPAGKA'T, si Chief Inspector Marcelino Romero ay namungkulan na bilang Hepe ng Pulisya ng bayang ito at sa panahong iyon ay kinakitaan na siya ng tapat at pantay-pantay na paglilingkod sa mga mamamayan at mahusay na pag-disciplina sa kanyang nasasakupan;



SAPAGKA'T, ang kanyang biglang pag-alis sa tungkulin bilang Hepe ng Pulisya ng Roxas, PNP Station, sa isang personal na kadahilanan ay nagpapatunay ng kanyang pagiging isang propesyunal na alagad ng batas, ngunit nagdulot naman ng malaking kawalan sa mga mamamuno ng bayan ito, lalo't higit sa mga mamamayan;

SAPAGKA'T, nararapat lamang na ang bakanteng puwesto ng Hepe ng Pulisya ng Roxas, Silangang Mindoro ay mapunan kaagad upang maipagpatuloy ang pagbibigay ng maayos at karampatang paglilingkod sa mga mamamayan at dito'y buong pagkakaisang hinihiling ang pagbabalik ni Major Marcelino Romero.

DAHIL DITO, sa mungkahi ni Kagawad Eduardo G. Villamin at sa pagsang-ayon ng lahat -

IPINASIYA, gaya ng pagpapasiyang ito na hilingin kay Provincial Director Eduardo P. Sebastian na muling ibalik si Chief Inspector Marcelino Romero bilang Hepe ng Pulisya ng bayan ng Roxas, Silangang Mindoro.

IPINASIYA RIN na ipadala ang sipi ng kapasiyahang ito kay Provincial Director Eduardo P. Sebastian, Police Superintendent, Provincial Headquarters, Calapan, Silangang Mindoro, at gayundin kay Regional Director Leandro Mendoza, RECOM IV, Camp Vicente Lim, Canlubang, Laguna para sa kanilang maagap na pagpapasya.


Pinagtibay ng lahat.

Adopted: 22 Mayo 1995

CERTIFIED CORRECT

offices
VIOLETA P. FUENTES
Kalihim ng Sangguniang Bayan

ATTESTED:


JESUS M. DIMAPILIS
Pangalawang Punong Bayan

APPROVED:

EDITHA C. ERORITA
Punong Bayan

*2nd copy
Jed C. Fuent
6-2-95*